422 Phil. 113

# FIRST DIVISION

## [ G.R. Nos. 100940-41, November 27, 2001 ]

### PEOPLE OF THE PHILIPPINES, PLAINTIFF-APPELLEE, VS. AGUSTIN LADAO Y LORETO, ALEX DE GUZMAN Y MAGAT, HENRY PONSECA Y SORIANO, ANTONIO PANGANIBAN Y AQUINO, VICTORIO EUGENIO Y ROQUE, JOHN DOE, PETER DOE AND CHARLIE DOE, ACCUSED.

### HENRY PONSECA Y SORIANO, ACCUSED-APPELLANT.

### *DECISION*

**YNARES-SANTIAGO, J.:**

Accused-appellant Henry Ponseca y Soriano appeals from the Decision[1] of the Regional Trial Court of Caloocan City, Branch 131, convicting him and his four co-accused[2] of the crime of robbery with homicide, sentencing them to suffer the penalty of *reclusion perpetua*, and ordering them to pay the heirs of the victim the amounts of P30,000.00, as civil indemnity and P10,500.00, as burial and wake expenses.

The information against accused-appellant reads:

> That on or about the 29th day of January, 1990 in Caloocan City, Metro Manila and within the jurisdiction of this Honorable Court, the above-named accused, conspiring together and mutually helping one another, with intent to gain and by means of force and violence employed upon the person of ALFONSO DELA CRUZ Y QUIAMBAO, that is, by tying the latter's both hands and feet and subsequently dumping his body at the estero in Tanigue St., Dagat-Dagatan, this city, did then and there wilfully, unlawfully and feloniously take, rob and carry away undetermined amount, belonging to the said complainant, to the damage and prejudice of the latter in undetermined amount; and as a result of aforesaid force and violence employed to said victim, the latter drowned at the estero which incident directly caused his death.
>
> Contrary to law.[3]

Upon arraignment on February 19, 1990, accused-appellant pleaded not guilty.

The records show that accused-appellant was among those apprehended by the Caloocan Police on the night of February 9, 1990, in connection with the rampant robbery and hold-up incidents in Caloocan. In the ensuing investigation conducted by Police Inspector Antonio Paras and Ricardo Concepcion, accused-appellant and his co-accused executed, with the assistance of Atty. Juanito R. Crisostomo of the Public Attorney's Office, Caloocan City, their extra-judicial confession admitting

authorship of the crime of robbery with homicide.

In his extra-judicial confession, accused-appellant declared that he and his four co-accused, together with three others who were able to escape, held up the passenger jeepney driven by the victim. He further stated that they tied the hands and feet of the victim and threw him into the *estero* not knowing that the place was filled with water. Using the jeepney of the victim, they plied the Recto-Caloocan route and picked up passengers whom they likewise robbed. Thereafter, they abandoned the jeepney somewhere in the corner of P. Sevilla Street and 10th Avenue.

The full text of accused-appellant's extra-judicial confession states:

PAUNAWA: Ikaw, Henry Ponseca ay nasa ilalim ng pagsisiyasat ng tanggapang ito hinggil sa kasong panghohold-up na may kasamang pagpatay, dahil dito, nais kong malaman mo na sa ilalim ng ating umiiral na Bagong Saligang-Batas, Ikaw ay may mga karapatang katulad ng mga sumusunod:

1 - Karapatang manatiling tahimik o tumangging magbigay ng salaysay; nauunawan mo ba ito?
SAGOT: OPO.

2 - Karapatan mong malaman ang reklamo laban sa iyo, nauunawan mo ba ito?
SAGOT: OPO.

3 - Karapatan mong kumuha ng ayuda ng abogadong sariling pili mo at kung hindi mo kaya ito ay bibigyan ka ng ating pamahalaan para umayuda sa iyo, nauunawaan mo ito?
SAGOT: OPO.

4 - At anumang sasabihin mo'y maaring gamiting laban sa iyo sa alin mang hukuman ng pag-uusig, nauunawan mo ba ito?
SAGOT: OPO.

TANONG: Matapos mong malaman at maunawaan ang iyong mga karapatan bilang isang taong nasa ilalim ng pagsisiyasat, ikaw ba'y nakahandang magbigay ng malaya at kusang loob na salaysay na ang sasabihin mo'y pawang katutuhanan lamang?
SAGOT: Opo, magbibigay po ako ng salaysay at aayudahan ako ni Atty. Juanito Crisostomo ng Caloocan Public Assistance Office.

02. T: Kung gayon, sabihin mong muli ang pangalan mo't mga bagay-bagay na lubos na pagkikilanlan sa iyong pagkatao?
S: HENRY PONSECA y SORIANO, 30 taong gulang, may-asawa, walang trabaho at kasalukuyang naninirahan sa 2741-G Santos St., Gagalangin, Tondo, Manila.

03. T: Marunong ka bang sumulat, bumasa at umintindi ng salitang Tagalog?

S: Marunong po.

04. T: Inaakusahan ka Henry Ponseca ng Pangho-HOLD-UP na may kasamang pagpatay, na naganap nuong petsa-29 ng Enero 1990, mga bandang alas-10 ng gabi duon sa Tanigue St., Dagat-Dagatan, Caloocan City, ano ang masasbi mo rito?

S: Tutuo po iyun, kasama po ako.

05. T: Nakikilala mo ba kung sino ang namatay sa insidenteng nabanggit?

S: Ang namatay po duon dahil nalunod ay ang driver ng pampasaherong jeep na aming na-HOLD-UP at dito po sa opisina ninyo ay nakilala ko sa pangalang: Alfredo dela Cruz y Quiambao.

06. T: Ano ba mismong naging partisipasyon mo dito sa nasabing kaso?

S: Ako po ang umupo sa dulo ng jeep, lumimas sa mga gamit at pera ng mga pasahero at gumapos at naghulog doon sa driver ng jeep sa may estero duon sa Dagat-Dagatan na hindi ko alam ay may tubig pala kaya't nalunod itong driver.

07. T: May mga kasama ka ba dito sa pangyayaring ito?

S: Mayruon po, sila po ang ilan (Affiant at this juncture is pointing and referring to the persons who are presently inside the investigation room and who when asked gave their names as: VICTORIO EUGENIO y ROQUE @ Itoy, AGUSTIN LADAO y LORETO @ Agustin, ALEX DE GUZMAN y MAGAT @ Alex and ANTONIO PANGANIBAN y AQUINO @Tony) kasama pa rin po namin [sina] BAYANI @ Onse, REY at ROWELL na taga-Caloocan din pero nakatakas.

08. T: Isalaysay mo nga ang mga pangyayaring may kinalaman sa hold-up na may kasamang pagpatay na ito?

S: Nagkita-kita po kaming magkakasama sa Letre at duon ay nagplano kaming mangho-HOLD-UP nga. Sumakay po kami ng jeep at nagpunta kami ng Malinta, Valenzuela. Pagdating duon, bale walo (8) kaming magkakasama ay muli kaming sumakay ng jeep patungong Monumento naman at itong jeep nga ay minamaneho ng napatay namin. Ako po ay pumuesto sa dulo ng jeep, itong sina Bayani at Alex ay lumagay naman sa harapan ng jeep, katabi ng driver si Alex. Ang ibang mga kasama namin ay pawang nasa loob ng jeep. Bale anim (6) po ang pasahero ng jeep at pagdating duon sa may Del Monte ay nag-anounce na kami ng hold-up at inilabas na rin ni Agustin itong baril na dala niya. Pinakanan po namin ang jeep sa Del Monte, diretso ng Acacia at tuloy ng Caloocan. Nuon po

namin nilimas ang mga gamit at pera ng mga pasahero at saka ibinaba sila sa ilang na lugar sa Caloocan. Ang orihinal na driver naman po ay iginapos namin at itong si Bayani ang nagmaneho. Pinadapa po namin ang driver na sa kalaunan nga'y nakilala kong si Alfredo dela Cruz sa loob mismo ng jeep at pagdating duon sa Tanigue St. Dagat-Dagatan, Caloocan, ay ibinaba namin siya, pinalakad ng inut-inot patungong estero at lima (5) kami nina Bayani, Alex, Rowel, at Rey na bumuhat sa kanya at naglaglag sa estero, na hindi namin alam na may tubig kaya't namatay itong driver sa pagkalunod. Sumakay kaming muli sa jeep at bumiyahe pa kami na si Bayani pa rin ang driver at mula sa Recto patungong Monumento ay hinold-up namin itong mga pasahero namin sa bandang Manuguit at nang matapos namin silang pababain ay inabandona namin ang jeep sa may P. Sevilla, 10th Ave., Calookan City.

09. T: Anu-ano ba ang mga na-hold-up ninyo sa unang banat ng gabing iyun?
S: Halu-halo na po, relo, alahas, pera, at iba pa at pumarte po ako ng halos P170.00 lamang.

10. T: Sino'ng nagparte ng mga nahold-up ninyo?
S: Kami-kami na rin po.

11. T: Saan kayo nag parte-parte?
S: Duon na po sa Letre.

12. T: Saan mismo sa Letre?
S: Duon po sa Caltex Gasoline Station.

13. T: Duon ba ang tagpuan ninyo?
S: Opo.

14 T: Paanong nasakote ng mga alagad ng batas ang grupo ninyo?
S: Kasi po ay nagtipon-tipon kami sa Letre uli para manghold-up sa Malolos pero may naghudas pala na kasama namin kaya't nasakote kami.

15. T: Sinong naghudas sa inyo?
S: Hindi po namin alam.

16. T: Ano ang mga armas na ginamit ninyo sa nasabing hold-up na may kasamang pagpatay?
S: Puro matalas po maliban kay Alex at Agustin na kapwa may baril.

17. T: Ano ba ang masasabi mo sa mga baril na nasa ibabaw ng aking mesa ngayon?
S: Iyan po mismo ang kargada nina Alex at Agustin. Iyun pong .38 ay kay Alex at .22 naman ang kay Agustin.